**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA**
**College of Arts and Sciences – Department of Arts and Communication**
Bachelor of Arts in Philippine Arts
PA 199 - Research Methods in Philippine Arts
Prof. Odessa Joson

# Annotated Bibliography 1

## Sanggunian 1

Asbagh, N. B. (2022). *Theories of conservation and scientific restoration from Gustavo Giovannoni's point of View.* 5th International Conference of Contemporary Affairs in Architecture and Urbanism. Retrieved from https://doi.org/10.38027/ICCAUA2022EN0161.

Ang artikulo na ito ay tumatalakay sa mga teorya at prinsipyo ni Giovannoni, isang Italioanong arkitekto at teorista sa konserbasyon. Kilala si Giovannoni sa kanyang kontribusyon sa siyentipikong restorasyon na kung saan isinulong niya ang ideya na pagbalanse ng modernisasyon at pagpapanatili o pagreserba ng mga makasaysayang at kultural na halaga ng mga gusali. Sa kanyang teorya, binigyan niya ng pansin ang iba't ibang hakbang para sa mabuting pamamaraan ng konserbasyon at urbanisasyon, tulad ng konsolidasyon, *anastylosis* o muling pag-ayos ng mga nasirang bahagi ng istruktura, at piling demolisyon. Ang kanyang mga prinsipyo ay nagdulot ng malaking impluwensya sa larangan ng konserbasyon sa mga istruktura na mayroong makasaysayang halaga, at nakatulong sa mga dokumento tulad ng Athens at Venice Charter bilang balangkas. Samakatuwid, ang teorya ni Giovannoni ay itinuturing makabuluhan at mahalagang gabay sa pagsasagawa ng restorasyon na naglalayong protektahan ang kultural na pamana at makasaysayang diwa ng isang istruktura.

Ang pag-aaral ni Giovannoni patungkol sa konserbasyon at siyentipikong restorasyon ay nagbibigay ng mahalagang teoretikal na gabay para suriin ang naging konserbasyon ng mga makasaysayang istruktura sa Las Piñas Historical Corridor. Sa konteksto ng Las Piñas Historical Corridor Project, ang mga ideya ng konsolidasyon at anastylosis ay maaaring gamitin para makatulong sa pag-iwas sa sobrang modernisasyon at mapanatili ang orihinal na anyo ng mga istruktura. Sa pamamagitan nito, maaaring mabawasan o tuluyang mawala ang pagkakataon na makasira ng kultural na halaga ng mga estraktura. Bukod pa rito, ang diskusyon ni Giovannoni sa pagpapalaganap ng kamalayan sa kultura at pagbibigay importansya sa kasaysayan ay may direktang kaugnayan sa layunin ng aking pag-aaral na palakasin ang kamalayan ng komunidad sa Historical Corridor ng kanilang bayan. Sa kabuuan, ang kanyang teorya at prinsipyo ay naglalaan ng metodolohikal na balangkas para magkaroon ng bagong kaalaman bilang bagong lente sa pag-aaral ng pamamaraan ng konserbasyon sa Las Piñas Historical Corridor.

**Sanggunian 2**

Salcedo, C. M. R. (2023). *Pagtatasa sa Konserbasyon at Renobasyon ng Simbahan ng Nuestra Señora del Pilar sa Alaminos, Laguna*.

Ang pananaliksik ni Salcedo ay tumatalakay sa kasaysayan at konserbasyon ng Simbahan ng Nuestra Señora del Pilar, isang pamanang kultural sa Alaminos, Laguna, na itinayo noong 1815. Sa pag-aaral na ito, isinuri ang mga konserbasyon at

renobasyong isinagawa sa simbahan gamit ang prinsipyo ni Gustavo Giovannoni sa kabila ng kawalan ng *historical marker* at hindi pagkilala ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) bilang isang opisyal na *historical site*. Inilahad din ang mga problemang kinakaharap sa pagsasaayos ng *facade* at ang kakulangan ng dokumentasyon sa mga ginawang restorasyon. Inalam din ang proseso ng konserbasyon at mga ginagawang hakbang para mapanatili ang istruktura ng simbahan sa pamamagitan ng pakikipanayam sa lokal na pamahalaan at mga opisyal ng simbahan. Sa huli, layunin ng pananaliksik na ito na makapagbigay ng mga rekomandasyin upang mapabuti ang kasalukuyang kalagayan ng simbahan habang masiguro ang pangangalaga nito bilang isang pamanang kultural.

Mahalaga ang pag-aaral na ito bilanag batayan sa aking pagsusuri sa konserbasyon ng mga makasaysayang estruktura sa Las Piñas Historical Corridor. Maaaring gamitin ito upang makita kung paano inilapat ang teorya ni Giovannoni sa konserbasyon, partikular sa pagsusuri ng mga proseso sa pagpapanatili ng Simbahan ng Nuestra Señora del Pilar. Ang mga hamon na tinalakay sa pananaliksik tulad ng kakulangan ng pondo, dokumentasyon, at koordinasyon sa mga ahensyang pangkultura ay maaari ding bigyan ng pokus sa aking pag-aaral upang makita kung hinaharap din ito sa konserbasyon ng mga istruktura sa Las Piñas. Bukod dito, makakatulong ang mga panukala at rekomendasyon ni Salcedo sa pagbibigay ng praktikal na gabay sa pagpapaunlad ng konserbasyon sa Las Piñas Corridor. Sa kabuuan, ang tesis na ito ay isang mahalagang sanggunian sa pagsusuri ng konserbasyon at renobasyon ng mga makasaysayang estruktura.

**Sanggunian 3**

Alliance for Healthy Cities (n.d.). Socio-Economic and Physical Profile of Las Piñas City. *Las Piñas Profile.* Retrieved from https://www.alliance-healthycities.com/htmls/database/htmls/0707/ProfilePlan/LasPinas_CityProfile.pdf

Sa unang bahagi ng artikulo, inilarawan ang sosyo-ekonomiko at pisikal na katangian ng bayan ng Las Piñas, kabilang ang kasaysayan nito mula sa pagiging barrio ng Parañaque hanggang sa pagiging kilala bilang *highly urbanized city* sa Metro Manila. Ipinakita rin dito ang malaking transformasyon ng lungsod mula sa isang agrikultural na bayan tungo sa sentro ng komersyal at residensyal dulot ng mabilis na urbanisasyon at paglago ng populasyon. Binanggit din ang mga pangunahing imprastraktura at mga pampublikong pasilidad na naging pangunahing dahilan sa patuloy na paglakas sa ekonomiya ng lungsod. Bukod dito, tinalakay din ang mga proyekto at pamumuhunan mula sa iba't ibang sektor na naging dahilan ng kasalukuyang katayuang pang-ekonomiya ng Las Piñas at nagpabuti ng kalidad ng buhay ng mga residente nito. Sa kabuuan, ang artikulo na ito ay nagbibigay ng detalyado at mahalagang impormasyon patungkol sa kasaysayan at pagkakilanlan ng Las Piñas.

Ang talakayan ukol sa kasaysayan, sosyo-ekonomiko at pisikal na katangian ng bayan ng Las Piñas ay mahalagang sanggunian para sa aking pag-aaral sa

konserbasyon at renobasyon ng mga makasaysayang istruktura sa Las Piñas Historical Corridor. Nagbibigay ito ng kaligiran sa aspeto ng urbanisasyon at mabilis na pag-unlad ng lugar na nagdulot ng magandang epekto sa makasaysayang pook. Bukod dito, nagbibigay ito ng mahalagang kasaysayan ng Las Piñas mula pa noong 1700s hanggang sa huling bahagi ng dekada 90, na nagbibigay konteksto sa pag-aaral ng pag-unlad ng lugar at ng mga istruktura nito sa loob ng mahabang panahon. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga nabanggit na istruktura at kasaysayan ng lugar, mas maunawaan kung paano naapektuhan ng modernisasyon ang Las Piñas. Samakatuwid, ang dokumentong ito ay naglalaman ng mga impormasyon na may makabuluhang konteksto sa pagsusuri ng kasaysayan ng Las Piñas at mga kultural na pamana nito.

**Sanggunian 4**

Tangian, C. B. (2017). *Las Piñas Historical Corridor: The Heritage and Landmarks of the National Capital Region, Philippines*. In Nasa 6th International Conference on Education, Humanities and Social, Sciences Studies (pp. 45-48). Retrieved from https://doi.org/10.17758/EAP.EPH317034

Sa akdang ito, tinalakay ni Tangian ang kasayasayan at kahalagahan ng proyektong Las Piñas Historical Corridor, na sinimulan noong Pebrero 22, 1995 para mapanatili ang mga kultural at makasaysayang istruktura sa lugar. Ang koridor na ito ay sumasaklaw sa lumang distrito ng bayan na kinabibilangan ng walong orihinal na barangay. Binibigyan-diin ng artikulo ang mga mahahalagang istruktura mula sa panahon ng Kastila, gaya ng St. Joseph Church at Bamboo Organ, pati na rin ang mga

tulay, pampublikong gusali, at mga plaza. Naging batayan ng pag-aaral na ito ang mga dokumento, rekords ng simbahan, at mga oral na testimonya ng mga matatanda. Nagkaroon din ng mga panayam kasama ang mga opisyal at eksperto upang masuri ang naging konserbasyon at urbanisasyon.

Ang pag-aaral ni Tangian ay mahalaga bilang kaligiran para sa aking pag-aarl tungkol sa konserbasyon at renobasyon sa Las Piñas Historical Corridor. Ipinapakita sa artikulo ang kasayasayan ng Las Piñas Historical Corridor Project bilang isang mahalagang inisyatibo para mapanatili ang mga naging kolonyal na pamana ng mga Espanyol sa lugar, isang layunin na katulad ng aking pananaliksik. Ang naging detalyadong paglalarawan ng mga istruktura at kasaysayan sa artikulo ay makakatulong bilang batayan para maunawaan ang halaga ng mga ito sa kultura at kamalayan ng komunidad at lokal na turismo. Higit pa dito, binibigyang-liwanag din ng pag-aaral ang mga pagsisikap ng lokal na pamahalaan at ng mamamayan sa pagtataguyod ng turismo sa pamamagitan ng konserbasyon, na maaaring gawing modelo para sa iba pang lugar na may makasaysayang istruktura. Sa kabuuan, nagbibigay ng makabuluhang impormasyon tungkol sa kasaysayan at mga estratehiya ng konserbasyon na mahalaga sa aking sariling pag-aaral ng Las Piñas Historical Corridor.

**Sanggunian 5**

Republic Act No. 8003. (1995). *An Act Declaring the Asinan Area, the Las Piñas Church*

*and Bamboo Organ, the Las Piñas Bridge, the Father Diego Cera Bridge, and the Old District Hospital, All in the Municipality of Las Piñas, Metro Manila, as Tourist Spots*. Retrieved from https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1995/ra_8003_1995.html

Ang Republic Act No. 8003 ay nagdeklara sa Asinan Area, Las Piñas Church at Bamboo Organ, Las Piñas Bridge, Father Diego Cera Bridge, at ang lumang district hospital sa Las Piñas bilang mga *tourist spots*, na nilagdaan noong Abril 22, 1995. Ayon sa batas, prayoridad ang pagpapaunlad ng mga lugar at istruktura na ito sa pamamagitan ng Department of Tourism (DOT) upang maitaguyod ang turismo at pagpapalaganap ng kasaysayan at natural na kagandahan ng mga ito. Kasama rin sa patakaran ng DOT na bumuo ng plano sa pagpapaunlad na magpapahusay sa imprastraktura at mga pasilidad sa mga nasabing lugar sa loob ng isang taon mula sa pagpapatibay ng batas. Ang batas ay naglalayong mapanatili ang makasaysayang halaga ng mga lumang istruktura at mapalakas ang kulturang kamalayan ng mga Pilipino, lalo na sa bayan ng Las Piñas. Samakatuwid, ang batas ay bahagi ng mas malawak na programa ng turismo at mahalagang proyekto sa pagtataguyod ng lokal na turismo sa Las Piñas.

Ang artikulo tungkol sa Republic Act No. 8003 ay may kaugnayan sa aking pag-aaral dahil ito ang pundasyon ng Las Piñas Historical Corridor Project. Makikita dito ang ligal na mandato at suporta ng pamahalaan para sa konserbasyon at pagpapaganda ng mga istruktura, na mahalaga sa aking pagsusuri sa mga

pamamaraan ng konserbasyon at renobasyon sa mga makasaysayang istruktura sa Las Piñas. Ang pagtatalakay sa batas na ito bilang kaligiran ay makatutulong upang maipakita rin ang papel ng Department of Tourism sa pagpapalakas ng lokal na turismo. Magiging makabuluhan din ang batas na ito sa pag-aaral ng epekto ng konserbasyon sa kamalayan at pag-unlad ng lumang distrito ng Las Piñas. Sa pangkalahatan, makabuluhan ang artikulo ukol sa RA 8003 bilang dagdag na impormasyon sa pagbuo ng Las Piñas Historical Corridor.